

LEXICON

Paglabag sa Pangmanggawa at Pantaong Karapatan



**Center for Trade Union and
Human Rights (CTUHR)**

702 Culmat Building,
127 E Rodriguez Avenue, Quezon City
Telefax No.: 632.4110256

Email Address: ctuhr.manila@gmail.com

ctuhr.docu@gmail.com

Website: www.ctuhr.org

FB: [ctuhr.manila](https://www.facebook.com/ctuhr.manila)

Paunang Salita

Unang hinulma ang Lexicon na ito noong 2009 kung saan kalakhan sa nilalaman ng Lexicon ay hinango mula sa standard Lexicon ng Commission on Human Rights (CHR) kung saan ang CTUHR ay bahagi ng talakayan at pagpoproseso nito sa maraming pulong na ipinatawag ng Komisyon. Ito ay pagtitiyak din na ang ating dokumentasyon ay umaayon sa tinatawag na `international standards' o pamantayan, nang sa ganon ay magiging madali at mahusay ang paggamit natin sa mga resulta ng dokumentasyon para sa iba't-ibang gawain, tulad ng kampanya, pagsasampa ng kaso, lobbying at iba pa.

Sa rebyu nito, isinama na rin natin ang mga kongkretong paglabag sa pamantayan sa paggawa, sa kalagayang madalas ito ang mga karaniwang naitatanong ng mga manggagawa. Subalit para sa masinsing gabay kung anu-ano nga bang karapatan ng manggagawa ang nalapastangan, maaari ring sumangguni sa CTUHR booklet na may pamagat na **“Manggagawa, Alamin at Ipagtanggol ang iyong Mga Karapatan”**.

Ang mga terminolohiya dito ng paglabag ay nakabatay sa mga umiiral na international instruments tulad ng Universal Declaration of Human Rights (UDHR), International Covenant on Civil and Political Rights (ICCPR), International Covenant on Economic, Social and Cultural Rights (ICESCR), Geneva Protocol I & II, Convention on the Elimination of Discrimination Against



Center for Trade Union and Human Rights (CTUHR)
702 Culmat Bldg, 127 E Rodriguez Avenue, Quezon city
Telefax No, 632.4110256,
email address: ctuhr.manila@gmail.com | ctuhr.docu@gmail.com
Website: www.ctuhr.org FB: [ctuhr.manila](https://www.facebook.com/ctuhr.manila)

Women (CEDAW), ILO Conventions, at mga kaukulang batas sa Pilipinas tulad ng 1987 Philippine Constitution, Revised Penal Code (RPC), Labor Code, Anti-Sexual Harassments Act at mga kautusan na inilalabas ng DOLE, gobyerno at iba pa.

Ang ilang mga paliwanag sa bawat termino ay hango sa mga talakayan ng mga nakaraang pagsasanay at rebyu ng mga modyul na isinagawa ng CTUHR sa iba't-ibang rehiyon at probinsya, at Lexicon ng KARAPATAN.

Layunin ng Lexicon na ito na ma-standardize ang ating gawaing dokumentasyon, at maiangat ang antas nito at ng mahusay na magamit sa ating mga gawain sa lokal man o pandaigdigang antas.



VIOLATIONS OF ECONOMIC, SOCIAL AND CULTURAL RIGHTS

- Mga karapatan ng mamamayan para sa pang-ekonomiya at panlipunang pag-unlad. Ito ay tinatawag ding affirmative rights na itinatakda bilang standard of achievements o sukatan ng tagumpay ng estado. Kasama rin dito ang Karapatang Pangmanggagawa o labour/workers rights. (Para sa mas detalyadong hanay ng mga karapatang ito, maaaring sumangguni sa **Manggagawa: Alamin ang Iyong Mga Karapatan** na inilathala rin ng CTUHR.)

Karapatang Pangmanggagawa o labour/workers' rights

Ang karapatang pangmanggagawa o *labour/workers' rights* ay mga grupo ng legal na karapatan at mga napagtagumpayang karapatang pantao na may kinalaman sa relasyon sa paggawa, kadalasan sa pagitan ng manggagawa at ng kanyang *employer*. [Wikipedia] Sa maagang yugto ng pag-unlad ng lipunan, ang mga karapatan sa tamang sahod, makataong kalagayan at makatwirang oras sa paggawa ay siyang nilaman ng pakikibaka ng mga magsasaka at manggagawang bukid. Pinaka-sentral sa pakikibakang ito, ay ang pagkakamit sa karapatan sa pag-uunyon para sama-samang maipagtanggol ng mga manggagawa ang kanilang interes at kapakanan. Noong ika-19 na siglo sa panahon ng yugto ng industriyalisasyon sa Europa, mas naging litaw ang pagkilala sa mga karapatang pang-manggagawa matapos maitayo ang mga unyon sa iba't-ibang industriya. Si Karl Marx ang isa kundi man pinaka-una at pinaka-tanyag na 'advocate' o tagapagtaguyod ng karapatang pangmanggagawa.

Ang karapatang pangmanggagawa ay maaring mahati sa dalawa: 1) karapatang makapagtrabaho (Rights to Work) at mga karapatan sa loob ng Trabaho (Rights at Work). Bahagi rin ito ng grupo ng mga pang-ekonomiya, panlipunan at pangkulturang karapatang pantao (ESCR).

MGA TAMPOK NA PAGLABAG SA KARAPATAN AT LEGAL NA SALALAYAN

I. RIGHT TO WORK AND EMPLOYMENT OPPORTUNITIES

- A. EMPLOYMENT DISCRIMINATION - non-hiring batay sa kasarian, affiliation sa union, hindi pantay na pagpapasahod (*Art 2, CPR, Art6 IESCR*)
- B. DISCRIMINATION ON EMPLOYMENT AGAINST WOMEN – Anumang ginawang pagtatangi, hindi pagbibilang o restriksyon batay sa kasarian na naglimita o nagbalewala na kilalanin, matamasa ang karapatang pantao, pundamental na kalayaan sa larangan ng pulitika, ekonomiya, lipunan at kultura, sibil o saan man dahil siya ay babae .
- C. ANTI-AGE DISCRIMINATION – Gawi ng employer para hindi tanggapin ang isang aplikante, pwersahang i-lay-off, hindi i-promote o mabigyan ng naiibang sahod at benepisyo, maglathala ng partikular na pagtatangi sa isang manggagawa sa batayan ng edad (RA 10911, DO 170 Series of 2017)
- D. VIOLATION OF THE RIGHT OF THE CHILD TO ECONOMIC EXPLOITATION – pagpilit sa mga bata na magtrabaho bilang kabayaran sa pagkakautang ng kanyang magulang o mga ninuno. (tingnan ang hiwalay na paglabag kaugnay ng child labor)
- E. TRAFFICKING IN PERSONS – May tatlong karaniwang mukha ito:

E1.LABOUR TRAFFICKING – pagrekruta, paglipat at pagkupkop o pagtanggap ng mga tao para samantalahin ang kanilang lakas-paggawa. Kinatatangian ito ng mga illegal o tagong pamamaraan tulad ng pananakot, paggamit ng dahas o iba pang porma ng pagbabanta o pamimilit, pagdukot, panloloko, panlilinlang o pag-abuso sa kapangyarihan laban sa mga tao na nasa bulnerableng katayuan. (Hal. Maralita sa kanayunan, o kalunsuran).

E2. CHILD TRAFFICKING - sinumang tao na sangkot sa pangangalakak ng mga bata, kasama bagamat hindi limitado sa pagbili at pagbebenta ng bata para sa pera (cash) o anumang konsiderasyon o palitan.

E3. WOMEN TRAFFICKING— sinumang tao na sangkot sa pangangalakal ng mga kababaihan, kasama na rito ang panloloko sa anyo ng pangakong bibigyan ng trabaho, o pagrekruta para ilagay sa mga ilegal na gawain atbp.

F2. FORCED OR INVOLUNTARY SERVITUDE; SLAVERY - pamimilit sa isang tao na magtrabaho sa pamamagitan ng dahas, o coercion ng labag sa kanyang kagustuhan, may bayad man o wala, liban na lang kung ito ay isang kaparusahan sa krimen na kanyang nagawa, at ito ang kaukulang hatol sa kanya. (*ArtIII, 18 (2) Phil. Consti, Art, 274 RPC and Art8, ICCPR*). Pang-aalila bilang kabayaran sa pagkakautang o pabor na naibigay (debt bondage).

F3 . CONTEMPORARY SLAVERY – O MODERN DAY SLAVERY - may iba't-ibang porma ito: kababaihang pinilit at inilagak sa prostitusyon, pang-aalipin sa mga bata sa sektor ng agrikultura (plantasyon) at supply chain nito o ang buong pamilya ng walang kabayaran liban sa pagkakatali nila sa utang. (*UDHR, 1956 UN Supplementary Convention*)

Maaari ring maihanay rito ang sapilitang pagpapatrabaho sa isang manggagawa, labas sa kanyang pinapasukang kumpanya (Hal. sa bahay o iba pang lugar na pagmamay-ari ng may-ari ng kumpanya)

G. FORCED/ COMPULSORY LABOR – Sapilitang pagsisilbi o pagtatrabaho ng isa o higit sa isang indibidwal ng labag sa kanyang kalooban liban na lang kung ito ay kaparusahan sa krimeng nagawa niya at may kautusan ang korte hinggil dito.

May pitong (7) mayor na kategorya ang forced labor: 1) slavery and abductions; 2) compulsory participation in public works projects; 3) mandatory forced labor in remote areas; 4) bonded labor; 5) involuntary labor resulting from trafficking in persons; 6) domestic workers in involuntary labor situations; 7) prison labor and rehabilitation through work





Ipapataw ang penalty o kaparusahan sa sinumang tao, na pilitin ang sinuman na magtrabaho sa kanya bilang katulong sa bahay o manggagawang bukid (farm laborer) para pagbayarin siya sa kanyang pagkakautang. (Art274, RPC)

*Note: Sa istriktong pagtuturing, ang sapilitang overtime, ng lagpas ng 10 oras na pinapayagang OT kada araw, lalo na sa loob ng 6-7 araw, ay maihananay na sa kategorya ng makabagong pang-aalipin o 'modern day forced labour'. [UN Special Rapporteur on Contemporary Forms of Slavery and its Roots and Consequences]

II. RIGHTS AT WORK – MGA PAGLABAG SA KARAPATA SA LOOB NG PAGGAWA

A. RIGHT TO SECURITY OF TENURE

A1. ILLEGAL DISMISSAL- kapag ang manggagawa ay tinanggal ng kumpanyang pinapasukan ng walang sapat/hindi makatarungang dahilan (*just and authorized causes*). Ang iba pang porma ng *illegal dismissal* ay *constructive dismissal* [sa anyo ng hindi pagbibigay ng trabaho o paglipat-lipat ng linya ng gawain na walang kasanayan ang isang manggagawa], *qualified termination*, *forced resignation* [sapilitang pagpapabakasyon o pagbibitiw], *dismissal in labor dispute*[pagtanggap dahil sa mga nakabinbin na kaso] retrenchment/ downsizing o spin-off [pagbabawas/pagtitipid ng kumpanya ng hindi dumaan sa wastong proseso ng batas], rationalization, atbp. Kapag ang dismissal ay sa panahon ng pag-uunyon, mas angkop na ilagay sa Union Busting. Tandaan na ang 'indefinite' suspension o lagpas sa 30 araw (preventive) ay katumbas ng illegal dismissal. (Labor Code, UDHR)

A2. CONTRACTUALIZATION-kapag ang manggagawa ay nananatiling kontraktwal sa isang kompanya kahit lagpas na

ng anim na buwan at isang araw. [Art281 Labor Code of the Phils, PD442)). Tingnan din ang DO 174 sa mga pinagbabawal nito. Ibat-iba o karaniwang mukha nito:

A2.1 Repeated Short Term Contract- pagpapapirma ng paulit-ulit ng panibagong kontrata kada limang buwan o mas mababa pa, maaaring sa ahensya o prinsipal na kumpanya

A2.2 Labor-only Contracting (LoC) – kapag ang agency ay walang makinarya, sapat na kapital at nagsu-suplay lang ng manggagawa sa isang kumpanya.

A2.3. Matagalang pagpapatrabaho ng lagpas ng anim na buwan (direct hired man o hindi) ng wala ring kontrata at nanatiling kontraktwal.

A2.4 Job Order (JO) sa mahigit 1 taon, (talamak ito sa Government offices)

A2.5 Talent - Pagkonsidera sa isang manggagawa na talent kahit ang gawain niya ay direktang nakaugnay sa prinsipal na negosyo ng kumpanya. (Hal. Media)

A2.6 Agent – Hindi kinikilala ang employer-employee relations sa pagitan ng manggagawa at kumpanya.

A2.7 - Indefinite at mapang-abusong kaswalisasyon. (Hal. 27 kaswal ang harvester sa Oil Palm Plantation)

A3. EXCESSIVE PENALIZATION - kapag ang manggagawa ay pinatawan ng hindi makatarungang D.A.[disciplinary action] ng kanilang employer na lagpas sa nagawang pagkakamali (Hal. 3 beses late ng pagpasok pero natanggal, pagpapakulong dahil sa isang de latang ninakaw dulot ng gutom).

B. RIGHT TO JUST AND FAVOURABLE CONDITIONS OF WORK

B1. VIOLATION OF THE RIGHT TO RECEIVE FAIR WAGES – paglabag sa karapatan ng manggagawa para sa sahod na nakakabuhay sa pangangailangan ng indibidwal at pamilya. Kapag ang manggagawa ay tumatanggap ng sahod na **mababa pa sa minimum (sahod para sa 8 oras na trabaho)** na itinakda ng batas o hindi nakakatanggap ng anumang sahod. Kasama rin dito ang hindi pagbabayad ng kaukulang *overtime pay* o pagbibigay ng tamang *overtime rate*. (Art. 2 Sec 11, 18 ; Art. 13 Sec 3 1987 Phil. Consti., Art. 23 [2-3] UDHR, Art. 7[a.i] ICESCR, Art. 22 ICCPR, PD 442 Labor Code).Karaniwang mukha nito ay:

- B1.1 Underpayment of wages – mababa sa minimum na sahod sa loob ng 8 oras
- B1.2 Non-payment of wages – pagpapatrabaho na hindi binabayaran ang sahod
- B1.3 Delayed payment of wages
- B1.4 Underpayment or non-payment of overtime pay, holiday pay, rest day pay, 13th month pay, night differential
- B1.5 Illegal deductions (para sa cash bond, abuloy o tulong sa panahon ng emergency na wala naman sa CBA, nasirang kagamitan sa trabaho ng dahil sa pagkaluma, reject na gawa, atbp). Kasama rin dito ang pagkakaltas ng halaga ng kontribusyon lagpas sa aktwal na tinatanggap na sahod ng isang manggagawa na halos katumbas na rin ng share ng employer
- B1.6 Sapilitang pagbebenta ng produkto na kinakaltas sa sahod

B2. INFRINGEMENT OF BENEFITS- paglabag sa karapatan ng manggagawa na makatanggap ng nararapat na mga benepisyo mula sa pinapasukan, tulad ng Service Incentive leave, Maternity at Paternity leave (*PD 442 Labor Code*).

B3. VIOLATION OF THE RIGHT TO SAFE AND HEALTHFUL WORKING CONDITIONS - kung hinahayaan ng estado na ipinagkakait ng isang employer at hindi na ipagkaloob sa kanyang manggagawa ang tungkulin na pangalagaan ang kalusugan at kaligtasan tulad ng: pagbibigay ng *first aid equipment*, sapat na kaparaanan ng paglabas sa panahon ng sunog, *protective clothing* at hindi pagtitiyak na ligtas ang mga makinaryang ginagamit. Kasama rin dito ang mga pagawaan kung saan ang mga manggagawa ay lantad sa anumang kontaminasyong kemikal o sa kapaligiran, gaya ng radiation, apoy, flammable substances at noxious components. (Art. 2 Sec. 11, 18; Art. 13 Sec 3 1987 Phil. Consti., Art 23 UDHR, Art 7 [b] ICESCR PD 442 Labor Code, ILO Convention no. 155, DO131-13, Fire Safety Code, Building Code)

- B3.1. Paniningil ng kabayaran sa PPE
- B3.2 Hindi paglalagay ng label, precaution sa mga kemikal na ginagamit

B4. VIOLATION OF THE RIGHT TO REASONABLE WORKING HOURS – kapag ang mga empleyado o Manggagawa ay sapilitang pinagtrabaho ng mahigit 48 oras bawat linggo o walong[8] oras bawat araw ng lagpas sa kanilang mental at pisikal na kakayahan. Kung may overtime man bawat araw, ito ay hanggang 2 oras lamang. (Art. 2 Sec. 11, 18; Art 13 Sec. 3 1987 Phil. Consti., Art. 23 [1] UDHR, Art. 7 [d] ICESCR, PD 442 Labor Code). Ang manggagawa na sa gabi nagtatrabaho ay hindi dapat na pinapagtrabaho ng higit pa sa walo (8) oras sa loob ng 24 oras. Ang manggagawa na may 18 taong gulang o higit pa (adult workers) ay nararapat na mabigyan ng one (1) day off bawat linggo. Ang manggagawa na may edad na 16-18 (adolescent workers) ay dapat mabigyan ng dalawang araw na pahinga bawat linggo.

B4.1 Risk of forced labour – kapag sapilitan ang pagpapa-overtime kahit walang emergency o mahigpit na pangangailangan, at ang pagtanggì ay maaaring ika-suspendi, ikatanggal o batayan para manatili sa trabaho, o bahagi ng performance evaluation, ito ay maituturing na ring 'forced labour'.


B5. VIOLATION OF THE RIGHT TO REST AND RECREATION – paglabag sa karapatan ng mga manggagawa na makapagpahinga ng isang araw [1] o 24 oras sa trabaho sa minimum sa loob ng isang linggo. Tuloy-tuloy na pagpapatrabaho sa loob ng pitong (7) araw sa isang linggo o 30 araw sa isang buwan ng walang pahinga. (Art. 11 Sec. 8; Art. 13 1987 Phil. Consti., Art. 24 UDHR, Art [d] ICESCR, PD 442 Labor Code).

B6. RIGHT TO FREEDOM OF ASSOCIATION (RIGHT TO FORM AND JOIN TRADE UNIONS FREELY, INCLUDING NOT TO JOIN UNION) AND COLLECTIVELY BARGAIN

B6.1 VIOLATION, RESTRICTION AND/OR PROHIBITION OF THE RIGHT TO ORGANIZE/TO COLLECTIVE BARGAINING – Paggamit ng iba't-ibang pamamaraan o hakbang ng opisyal ng gobyerno, kapitalista at mga ahente/ahensya nito tulad ng DOLE, at mga company guards. Karaniwan nito ay ang mga ANTI-UNION DISCRIMINATION tulad ng: (ILOC87 & 98, Phil 1987 Constitution)

B6.1.1 State/Employer's Interference

- paggamit ng napakasalimuot na proseso sa pagpaparehistro ng unyon na halos hindi na makapagrehistro ang unyon/organisasyon;



- pakikialam sa pagbubuo ng unyon, pagpapatakbo at pagpili ng opisyal ng unyon
- pakikialam sa eleksyon ng unyon at/o paggamit ng company union para pigilan ang pagtatayo ng nagsasariling (independent mula sa kontrol ng management) unyon at paghalal ng mga opisyal ng nito;

B6.1.2 DISCRIMINATION AGAINST UNION/ISTS

- diskriminasyon sa mga kasapi o opisyal ng unyon, panggigipit sa mga kasapi ng unyon at mga katulad na hakbang ng mga kapitalista. (Hal. Paghihiwalay sa kanya (isolation) sa iba pang manggagawa na nasa linya ng produksyon.
- kung ang isang manggagawa ay inalisan ng kanyang karapatan sumapi sa unyon o hindi tinanggap sa trabaho, tinanggal, harrassed o piniling mapabilang sa mga redundant workers dahil sa kanyang pagnanais na mapabilang sa unyon.
- Pagsasagawa ng mga anti-union na seminar, forum at iba pang katulad na aktibidad sa loob at labas ng lugar paggawa;


B6.2. UNION BUSTING – anumang gawi/aksyon ng manedsment ng kompanya, o tao sa gobyerno gaya ng mga pulis, militar at mga ahente nito na naglalayon na ibaba ang moral ng

mga manggagawa na ipagpatuloy ang anumang aksyon/ operasyon ng unyon o naglalayon na sirain ang unyon ng mga manggagawa sa isang kompanya (Art. 2 Sec. 18 ; Art. 13 Sec. 3 1987 Phil. Consti., Art. 23[4] UDHR, Art 8 ICESCR, PD 442 Labor Code ILO Convention no.87, 98)

- refusal to bargain; pagsasara ng kumpanya para makaiwas na makipagtawaran
- illegal na dismissal at/o retrenchment na may motibong pahinain o buwagin ang unyon
- illegal na pagsasara ng kumpanya na may layuning palitan sa trabaho ang mga kasapi ng unyon

B6.3. VIOLATION, RESTRICTION, PROHIBITION OF THE RIGHT TO STRIKE – Anumang hakbang ng opisyal o kinatawan ng gobyerno at mga ahente nito tulad ng goons, para-military forces at gwardya, mga kapitalista na nakakasagka sa malalalayang pagsasabuhay ng karapatang magwelga tulad ng pag-issue ng DOLE ng Assumption of Jurisdiction (AJ) orders batay sa napakalawak na depinasyon ng mga industriyang itinuturing na *“indispensable to the national interest”* (ICESCR Art6. ICCPR Art 22, CAHRIHL Art19, UDHR Art23, Phil 1987 Constitution Art13)

B6.4. ASSAULT/BREAKING UP OF THE PICKETLINE – Anumang hakbang ng sinumang opisyal ng gobyerno at/o mga



kapitalista o mga ahente nito tulad ng pananakot, harassment o pandarahas na nagresulta sa pagkabuwag o pagkawasak sa piketlayn o sa anumang sama-samang pagkilos ng manggagawa

B7. VIOLATION OF THE RIGHT TO SOCIAL SECURITY AND INSURANCE – paglabag sa karapatan ng manggagawa na magkaroon ng kasiguruhang sosyal (Social Security) gaya ng Insurance para sa aksidente sa trabaho, sakit, may namatay sa pamilya at kawalan ng trabaho, maternity leave, pension at para sa mga may kapansanan(disabled). (Art. 2 Sec 9; Art. 15 Sec.4 1987 Phil. Consti, Art 22 UDHR, Art 9 ICESCR, SSS Law, GSIS Law, Employees Compensation Act).

B7.1 NON-ENLISTMENT TO MANDATORY SOCIAL PROTECTION BENEFITS – tulad sa SSS, Philhealth, at PAG-IBIG- Ang mga kontraktwal na manggagawa ay may karapatang maging miyembro ng mga ito.

B7.2 COLLECTION AND NON-REMITTANCE OF EMPLOYEES' CONTRIBUTION -ito ay kasong kriminal rin.

B8. DISCRIMINATION (EQUAL OPPORTUNITY)

- Pagmamaliit o pagtrato sa isang manggagawa o empleyado na nakakababa sa batayang kasarian, lahi, kapansanan, edad, kulay, nationality, relihiyon, pananampalataya, pampulitikang paniniwala, sexual orientation, katayuang sibil, pagbubuntis, maternity leave, na nagiging dahilan ng kanyang part-time employment (including hourly paid), pagsapi sa unyon, responsibility for dependents, spent offences, (nakaraang kaso) , kalusugan, socio-economic background (pang-ekonomiya at panlipunang pinanggalingan) at iba pang personal na katangian o pamantayan na kaiba pa sa ibang empleyado;
- Nagaganap din ito kung ang mga pamantayan, patakaran o kalakaran na walang kinalaman sa trabaho ay hindi ipinapatupad sa lahat ng manggagawa kundi sa isang maliit na grupo lamang; ganoon din kung napakaliit na bahagi o bilang ng grupo lamang ang maaring makasunod sa ganitong patakaran at ang kabiguang sumunod ay nagiging panganib sa indibidwal.

B9. PAGLABAG SA ISPESYAL NA KARAPATAN NG KABABAIHAN

B9.1 Sexual Harassment at Work

B9.2 Sexual Discrimination

B9.3 Pagtanggig/Pagkatanggal na mabigyan ng leave with pay ng 2 buwan ang babaeng manggagawa sumailalim sa gynecological procedure

B9.4 Denial of paid leave para sa babaeng manggagawa na biktima ng karahasan (Violence Against Women and Children)

B10. CHILD LABOUR – paggamit sa mga bata, 17 taon pababa para pagtrabahuin sa mga mapanganib na lugar paggawa (*RA 9231-Elimination of the Worst Form of Child Labour*)

III. IBA PANG PANG-EKONOMIYA, PANLIPUNAN AT PANGKULTURANG KARAPATAN

D. VIOLATION OF THE RIGHT OF THE CHILD TO PROTECTION AND SPECIAL ASSISTANCE – kung ang isang bata ay inalisan ng ispesyal na proteksyon, walang oportunidad o pagkakataon, pasilidad para makatulong sa pag-unlad niyang pisikal, mental, moral, espirituwal at panlipunan sa isang malusog at normal na paraan at sa isang kalagayang malaya at may dangal.

E. RIGHT TO FREELY DISPOSE OF THEIR NATURAL WEALTH

E1. DEVELOPMENT AGGRESSION – Programa, estratehiya, patakaran o proyektong pang-ekonomiya na nakakasama sa interes ng mamamayan; anumang akto na nagkakait sa mamamayan ng kanilang ikinabubuhay at sumisira sa kapaligiran at pinagkukunan ng ikinabubuhay.

Kasama rito ang pagkamkam ng lupa, conversion ng mga lupa, para gawing SEZs, minahan, plantasyon, golf courses at mga residential subdivision

F. RIGHT TO ADEQUATE FOOD/WATER

F1. FOOD BLOCKADE - 'food restriction': pagkakaroon ng blocking point, harang o restriksyon upang mapigilan ang pagpasok ng pagkain sa picketline

F2.ECONOMIC EMBARGO - pagbabawal sa pakikipagnegosyo o



kalakal sa isang bansa upang i-isolate siya at gipitin at ilagay sa isang mahirap na sitwasyon, lalo pa nga't ang embargo ay kadalasang negatibong nakakaapekto sa ekonomiya.

Kadalasan, ginagamit ang embargo bilang pampulitikang parusa sa isang bansa na may kaiba o hindi kasundong paniniwala o gawi.

G. RIGHT TO CLOTHING – walang mamamayan ang dapat na malantad sa kawalang proteksyon sa init, lamig at iba pang bagay na makakasira sa katawan bunga ng kawalan o kasalatan sa pananamit.

H. RIGHT TO HOUSING – ang karapatang ito ay dapat ginagarantiyahan ng isang malinaw na patakaran ng estado na bigyan ng disentang tahanan ang kanyang mamamayan lalo na ang mga mahihirap, nang naayon sa kakayahan ng mamamayan at hindi ng merkado (market driven housing programs), kasama sa karapatang ito ay ang pagkakaroon ng akses (access) sa batayang serbisiyong panlipunan at lugar hanapbuhay.

H1. FORCED EVICTION – permanente o pansamantalang pagpapaalis sa mga indibidwal, pamilya o pamayanan mula sa kanilang mga tahanan/ o lupain ng labag sa kanilang kagustuhan at ng walang access sa angkop na paraan ng legal at iba pang proteksyon.

Internally Displaced Persons – mga tao o grupo ng tao na napilitan o inobligang lumikas sa kanilang tahanan o lugar na panirahan dahil sa umiiral na armadong labanan, malaganap na paglabag sa karapatang pantao at hindi pa nakatawid sa ibang bansa.

H2. DEMOLITION – ganap na pagwasak o pagtatanggal ng mga istruktura ng gusali at mga tahanan lalo na sa mga maralitang pamayanan o komunidad. Kasama rin dito ang self demolition na ginagawa ng mga naninirahan bunga ng takot o pagbabanta.

H3. HAMLETTING – sapilitang pagpapaalis sa mga pamilya bunga ng operasyong militar ng walang makatarungang dahilan.

H4. LACK/ABSENCE OF ACCESS TO OTHER RIGHTS – Proyektong pabahay kung saan inire-relocate ang mga maralitang komunidad, subalit wala itong access sa paaralan, health center o hospital, tubig, elektrisidad, kalsada, garbage o waste disposal, palengke at iba pa. Kasama rin dito ang kalidad ng pabahay ayon sa itinatadhana ng pandaigdigang panukat sa karapatan sa paninirahan (sapat na sukat ng tirahan para sa sariling kwarto ng mag-asawa, magkahiwalay na silid para anak na babae at lalaki, sapat na liwanag)

I. VIOLATION OF THE RIGHT TO APPROPRIATE HEALTH CARE AND SERVICES

I.1. DENIAL OF MEDICAL ATTENTION – Pagtanggì na mabigyang lunas ang isang maysakit, sugatan dahil sa



kakayahang magbayad, pampulitikang paniniwala, iba pang nakakahawang sakit.

12. LACK/DISCRIMINATION ON ACCESS TO HEALTH SERVICES – Kawalan ng access o lack of access to quality health care. Isang proseso o akto kung saan ang isang kasapi o mga kasapi ng isang particular na grupong panlipunan (urban poor) ay pinagkakaitan o hindi tinatrato ng mahusay dahil sa katayuan o panglipunang kategoryang kanyang kinabibilangan.
13. Paglabag din kung ang mga pasyente ay pinagkakaitan na malayang makapili ng pangangalagang nais niya, nang naayon sa kanilang kakayahan at pangangailangan.
14. *Rejection of the right to comprehensive health care services including access to all methods of fertility regulation including safe abortion and diagnosis and treatment for infertility and sexually transmitted infections including Human Immunodeficiency Virus/Acquired Immune Deficiency Syndrome (HIV/AIDS).*
15. Pagkakait sa karapatan sa proteksyon mula sa tradisyonal na pamamaraan o kalakaran na mas makakapagdulong panganyib sa kalusugan o katawan.
16. NON-CONSENSUAL MEDICAL TREATMENTS AND EXPERIMENTATION – Pagkakait sa isang tao ng kanyang karapatang magkaroon ng ganap na control sa kanyang kalusugan o katawan.
17. FORCED ABORTION – sapilitang pagtatanggil ng embryo or fetus mula sa sinapupunan na nagreresulta o nagiging dahilan ng pagkamatay ng bata ng labag sa kagustuhan ng ina. Maaari itong sa porma ng miscarriage, or *be artificially induced by chemical, surgical or other means.*

IV. RIGHT TO IMPROVEMENT OF ALL ASPECTS OF ENVIRONMENTAL AND INDUSTRIAL HYGIENE

- A. AIR POLLUTION – lalo na ang pagkalantad mula sa polusyon (hangin, tubig, kapaligiran) dulot ng operasyon ng mga korporasyon (industrial pollution) at iba pang operasyon ng kapital.

B. DIMINUTION/EXTRACTION OF WATER RESOURCES

C. ILLICIT MOVEMENT AND DUMPING OF TOXIC WASTES

V. MGA KARAPATANG SIBIL AT PULITIKAL (CIVIL AND POLITICAL RIGHTS)

CIVIL RIGHTS – Mga karapatang ipapatupad ng batas sa mga indibidwal nang walang pagtatangi (diskriminasyon) para sa pagkakamit o kaganapan ng pamamaraan ng kanilang kaligayahan (means of happiness).

POLITICAL RIGHTS – Mga karapatan ng mamamayan na direkta at 'di-direktang makilahok sa pagtatayo at pamamahala ng gobyerno. (Art25, CPR, ArtIII Phil. Constitution.)

A. VIOLATION OF THE RIGHTS TO LIFE – PAGLABAG SA KARAPATAN SA BUHAY

- A1. EXTRAJUDICIAL KILLING – Sa summit ng supreme court, tinatawag din ito na *political killings* - arbitraryong pagpatay ng walang 'due process of law', na ginawa ng isang awtoridad, opisyal ng gobyerno o mga ahente nila, regular state forces (militar at pulis), para-militar (CAFGU, CVO) at mga ahente nila tulad ng *vigilantes*, *hired killers* laban sa mga sibilyan, *hors de combat* (walang kakayahang lumaban); maging sa loob at labas ng armadong tunggalian. Kadalasan, ang motibo rito ay pulitikal. (Art. 3 UDHR, Art. 6, ICCPR, Art 13-Phil. Constitution)

Ibat-ibang porma nito:

- 1.1 SUMMARY EXECUTION - mas kilala sa tawag na SALVAGING – pagpatay sa inbidwal na wala ng kakayahang lumaban o mga naipailalim sa custody o hawak ng mga ahente ng estado
- 1.2 ASSASSINATION - Isang planadong pagpatay, mabilis at palihim na pag-atake na nagreresulta sa pagpatay ng isang mahalagang indibidwal sa pulitika na kadalasan ay kilalang lider sa lokal, national o international na antas;



1.3 MASSACRE - Pagpatay ng 3 katao pataas sa isang insidente sa iisang lugar. (Hal. HLI massacre, Siaton Massacre)

1.4 PAGKAMATAY BUNGA NG STRAFING, BOMBING, INDISCRIMINATE FIRING kahit hindi siya ang specific target pero naganap sa isang komon na lugar at oras.

1.5. GENOCIDE – intensyonal na maramihang pagpatay o pagkasugat ng mamamayan ng isang bansa, grupong pangrelihiyoso o etniko. (*UN Convention on Prevention of Genocide and Art3 ICCPR*). (Hal. Pagpatay ng mga Nazis sa Jews sa Germany)

Isang iginigiit sa ngayon ay ang sunod-sunod na pamamaslang sa mga Lumad ng Mindanao.

A2. FRUSTRATED EXTRAJUDICIAL KILLING – kung may intensyon ang perpetrator na pumatay at nagawa niya ang akto ng pagpatay pero nabigo siya bunga ng mga salik na labas sa kanyang control. (Hal. Nakatakas ang biktima o maagap na nalapatan ng lunas) (Hal. Tangkang pagpatay kay Gerry Cristobal ng SM-EMI)

A3. ATTEMPTED EXTRA JUDICIAL KILLING – kung may intensyon ang perpetrator na pumatay at nasimulan nya ang akto ng pagpatay pero napigilan siya. (Hal. hindi tumama ang bala sa target, o nakaiwas ang target)

B. VIOLATION OF THE RIGHT TO FREEDOM FROM TORTURE (UN CAT, UN OPCAT, UN Istanbul Protocol, RA 9745-Anti Torture Act)

B1. TORTURE AND CRUEL, INHUMANE OR DEGRADING TREATMENT- Sistematikong paggamit ng dahas upang saktan ng pisikal, mental o sikolohikal, o 'di kaya ay takutin kasama rin ang sexual humiliation ng isang public authority at mga ahente nito (goons, vigilantes at private security guards) na may layuning (1) kumuha ng impormasyon o (2) bilang kaparusahan sa hinihinalang maling nagawa ng biktima.

B2. MALTREATMENT OF PRISONER – pananakit o paggamit ng dahas (sikolohikal o pisikal) sa isang detenido. (*Art. 5 UDHR, Art 7 ICCPR*). Kasama rin dito ang mga kaso ng pang-aalila, hindi pagpapakain sa mga bilanggo, pagpapanatili sa malalang kondisyon sa kulungan kahit wala pang intensyong makapanakit o magpahirap

B3. SECRET DETENTION – Sikretong piitan, bartolina, kawalan ng kontak o komunikasyon ng pagkukulong kung saan maaaring maisagawa ang tortyur ng walang pananagutan

C. PHYSICAL ASSAULT/INJURIES – Pananakit sa indibidwal sa pamamagitan ng paggamit ng mga ilegal at 'di makatwirang pamamaraan tulad ng pambubugbog, (mauling) pamamalo, ng isang opisyal ng gobyerno o mga ahente nito tulad ng vigilantes, hired killers or mga security guards) bilang parusa sa nagawa o ginawi niya.

D. DENIAL OF MEDICAL ASSISTANCE- Ang pagtanggi o pagkakait ng isang opisyal ng gobyerno at/o mga ahente nito na bigyan ng paunang lunas ang sinumang maysakit o sugatan na naging sanhi ng paglala ng kanyang kalagayan at pagkamatay kahit pa ang pagtanggiging ito ay sinasadya o 'di man sinasadya. Halimbawa: Ang biktimang sugatang dinala sa hospital ay hindi tinanggap na naging sanhi para maubusan ng dugo hangang sa tuluyang mamatay.

E.RAPE – carnal knowledge of a woman/men by force or who is unconscious, na ginawa ng isang opisyal ng pamahalaan o mga ahente nito, state security forces (pulis at militar) o paramilitar at mga ahente nito para makakuha ng impormasyon o involuntary confession, ipahiya o insultuhin ang isang indibwal na napapailalim sa kanyang kapangyarihan.

F. SEXUAL HARASSMENT – anumang gawi o hakbang ng opisyal ng gobyerno/ kapitalista at mga ahente nito kung saan nakakaramdam ang isang indibidwal ng banta sa kanyang dignidad/dangal (honor), tulad ng paghingi ng sekswal na pabor kapalit ng trabaho, paghawak sa mga pribadong bahagi ng katawan ng labag sa kagustuhan ng indibidwal pero hindi makapag-reklamo dahil sa takot o ang gumagawa nito ay isang opisyal o nakatataas ng awtoridad sa kanya

G. VIOLATION OF THE RIGHT TO LIBERTY AND SECURITY

G1. ENFORCED DISAPPEARANCE - Illegal, sapilitan o lihim na pagkuha o pagdukot sa isang indibidwal upang ipailalim sa pangangalaga o custody ng 'di tiyak o 'di kilalang opisyal o ahente ng gobyerno; sa pampulitikang dahilan, upang takutin o sapilitang kuhanan ng mga impormasyon; saktan atbp, at hindi matagpuan at hindi rin pinapayagan na makipag-ugnayan o anumang anyo ng komunikasyon (incommunicado). (Art. 3 UDHR, Art6, ICCPR, ArtIII, sec 1 Phil. Constitution).

G2. ILLEGAL ARREST – isang kilos o gawi ng sinumang may kapangyarihan, pwersa ng estado (police o military) o mga ahente nito (bayarang goons, para-military forces o private security guards) na manghuli o umaresto ng walang legal na batayan o walang awtoridad na mang-aresto: Halimbawa, ang pag-aresto ng mga militar sa isang akusado, sapagkat ang mga military ay walang otoridad na mang-aresto.

UNLAWFUL ARREST - pag-aresto ng walang legal na batayan at walang legal na awtoridad o kapangyarihan ang may kagagawan (perpetrator) para mang-aresto; Walang legal na batayan ang isang pag-aresto kung:

- ♦ may warrant pero may fatal defect ito (Hal. Hindi malinaw kung sino o ano ang pangalan ng inaaresto, ang kasong inirereklamo sa kanya at walang pirma ng judge ang warrant)



- ♦ ang walang warrant na pag-aaresto ay hindi nabibilang sa legal o pinapayagan ng batas na warrantless arrest (Hal. Pagkahuli sa akto ng paggawa ng krimen ng inaaresto, nasa akto ng paggawa ng krimen o katatapos lang isagawa ng krimen)

ARBITRARY ARREST - ang pag-aresto ay walang legal na batayan samantalang ang gumawa nito ay may legal na kapangyarihang mang-aresto.

UNJUSTIFIED ARREST - Pag-aresto sa biktima bilang resulta ng patakaran ng estado na ikrimalisa ang mga political acts/labor/agrarian related acts or cases; o illegal ang pag-aresto pero nagamot sa anyo ng paglalabas ng warrant matapos gawin ang pag-aresto.

Kasama rin dito ang pag-aresto at pagkakulong sa isang manggagawa bilang resulta ng kasong isinampa sa kanya sa panahon ng welga, at iba pang pagkilos na direktang resulta ng sigalot sa paggawa (criminalization of acts arising from labor disputes)

G4. ARBITRARY DETENTION - Pagkakulong ng indibidwal ng walang legal na batayan, ginawa ito ng sinumang may awtoridad o pwersa ng estado .

G5. ILLEGAL DETENTION - Pagkulong ng isang pribadong indibidwal sa isa pang indibidwal (security guards, para-military) sa

ngalan ng sinumang awtoridad (estado at kapitalista) at mga ahente nito

G6. UNLAWFUL DETENTION- pagkabinbin (delay) sa pagdadala sa isang inaresto sa angkop na awtoridad (proper judicial authorities) ng lagpas sa itinatadhana ng batas sa kaso ng mga warrantless arrest at pananatiling nakakulong ng nasabing indibidwal

G7. SOLITARY CONFINEMENT- Ang buong-buong paghihiwalay sa isang detenido mula sa mga kapwa detenido o sa lahat ng direktang ugnay sa mga tao maging sa isang takdang panahon o maging ito man ay karagdagang parusa sa kanya. Mas kilala ito sa tawag na 'bartolina'

G8. INCOMMUNICADO - kalagayan ng isang bilanggo o detenido kung saan siya ay hindi pinapayagang madalaw o makipag-usap sa mga bumibisita sa kanya sa panahon ng kanyang pagkakakulong.

G9. HAMLETTING – sapilitang pagpapalikas ng mga militar sa mga pamilya nang walang makatwirang o makatarungang dahilan. (*Protocol II Geneva Convention Relating to the Protection of Victims in Non-international War*)

G10. SLAVERY / INVOLUNTARY SERVITUDE - pamimilit sa isang tao na magtrabaho sa pamamagitan ng dahas, o coercion ng labag sa kanyang kagustuhan, may bayad man o wala, liban na lang kung ito ay isang kaparusahan sa krimen na kanyang nagawa, at ito ang kaukulang hatol sa kanya. (*ArtIII. 18 (2) Phil. Consti, Art, 274 RPC and Art8, ICCPR*). Pang-aalila bilang kabayaran sa pagkakautang o pabor na naibigay

G11. FORCED/ COMPULSORY LABOR – Sapilitang Pagsisilbi o pagtatrabaho ng isang o higit pang indibidwal ng labag sa kanyang kalooban liban na lang kung ito ay kaparusahan sa krimeng nagawa niya at may kautusan ang korte hinggil dito.

May pito (7) mayor na kategorya ang forced labor: 1) slavery and abductions; 2) compulsory participation in public works projects; 3) mandatory forced labor in remote areas; 4) bonded labor; 5) involuntary labor resulting from trafficking in persons; 6) domestic workers in involuntary labor situations; 7) prison labor and rehabilitation through work



Mga manggagawa ng Nutri Asia nagtamo ng sugat matapos ang pagbuwag ng pulis sa kanilang piketlayn

Ipapataw ang penalty o kaparusahan sa sinumang tao, na pilitin ang sinuman na magtrabaho sa kanya bilang katulong sa bahay o manggagawang bukid (farm laborer) para pagbayarin siya sa kanyang pagkakautang. (*Art274, RPC*)

G12. DETAINING A PERSON FOR INABILITY TO FULFILL CONTRACTUAL OBLIGATION – pagkulong sa isang tao dahil sa kawalan ng kakayahan matupad ang nasasaad sa isang kontrata (contractual obligation).

H. RIGHT TO SELF DETERMINATION/ RIGHT TO DETERMINE THEIR POLITICAL STATUS


A. POLITICAL PERSECUTION, DISCRIMINATION

- *Persecution* > Paglabag sa mga karapatan ng mga inbidwal o grupo mga pwersa ng estado, at/o mga ahente nito dahil sa pampulitikang paniniwala, etniko, relihiyon o lahi. May-ibat ibang porma ito: Harassment
- *Political Repression* > pagkakait ng estado sa karapatan ng mga mamamayan na lumahok sa pampulitikang pamumuhay ng kanilang komunidad, pamayanan o lipunan. Halimbawa, ang pakikialam at pagkakait sa karapatan sa malayang pagboto at maiboto.
- *Political Persecution* > ang pagmaltrato, pagsiil, pagpapahirap o pagpatay sa isang tao o mga tao dahil sa kanilang pananampalataya at pampulitikang paniniwala.
- *Political Discrimination* > discrimination na ang batayan ay pampulitikang paniniwala.

- *Red Tagging/Red Baiting* – pagbansang o pagturing sa indibidwal o mga grupo, halimbawa ng komunista o communist front, na naglalagay sa kanilang buhay sa panganib at kaligtasan ng kaniyang organisasyon bilang resulta ng anti-communist operation ng state forces.

I. VIOLATION OF THE RIGHT TO FREEDOM FROM ARBITRARY INTERFERENCE

11. ILLEGAL/UNJUSTIFIED SEARCH AND SEIZURES – paghahalughog ng walang ligal na batayan, ng mga awtoridad at/o mga ahente nito sa mga lugar na hinihinalang kinalalagyan ng indibidwal o mga taong sinasabing may nagawang paglabag, kadalasan ay mga komunidad na nakapaligid sa mga piketlayn na sinasabing nagkukupkop sa mga hinahanap na welgista, o 'di kaya naman ay may depekto ang search warrant.
12. ARBITRARY INTERFERENCE WITH ONE'S PRIVACY – Hal. Surveillance, at wiretapping
13. ARBITRARY INTERFERENCE WITH ONE'S FAMILY/HOME o VIOLATION OF DOMICILE – Ang pagpasok ng isang awtoridad o empleyado ng gobyerno, paghahalughog ng mga papel o anupaman sa isang tahanan o tirahan ng walang pahintulot ang korte o ang may-ari nito o labag sa kagustuhan ng may-ari



Kababaihang manggagawa ng NutriAsia na nasa anahan upang ipagtanggol ang piketlayn

14. ARBITRARY INTERFERENCE WITH ONE'S CORRESPONDENCE – wiretapping, pagbubukas ng mga sulat at pakikialam sa iba pang porma ng komunikasyon ng walang pahintulot o labag sa kagustuhan ng indibidwal ng mga pwersa ng estado at mga ahente nito

J. VIOLATION OF THE RIGHT TO DUE PROCESS

(karapatan sa makatwirang kaparaanan ng batas)

- J1. Arbitrary Deprivation of Property
- J2. Denial of the right of review by a higher tribunal – pagtatanggal sa karapatang umapela sa Korte Suprema sa mga kasong sa pananaw ng akusado ay may sobra o excessive kumpara sa katangian ng kaso. Ang hatol na kamatayan sa isang akusado ay dapat na awtomatikong nirerepaso ng Korte Suprema
- J3. Double jeopardy- Hal. Hindi ka pwedeng litisin ng dalawang beses sa parehong kaso
- J4. Denial of right to effective remedy by a competent national tribunal- karapatang mabigyan ng epektibong remedyo at litisin ng isang competent at impartial na tribunal.



Iligal na inaresto ang isang manggagawa ng NutriAsia dahil sa paggigiit na panatilihin ang kanilang welga

**K. VIOLATIONS OF THE RIGHTS OF THE ACCUSED ,
ARRESTED & DETAINED**

(Paglabag sa Miranda Rights)

- K1. Paglabag sa karapatang ipaalam sa akusado ang kanyang mga karapatang manahimik, at makakuha ng abogado na sariling pili.
- K2. Paglabag sa karapatang ipaalam ang katangian at dahilan ng habla o demanda laban sa akusado
- K3. Paglabag sa karapatang maipagtanggol ang sarili
- K4. Paglabag sa karapatan ng akusado para sa libreng ayudang legal at interpreter – karapatan ng akusado na mabigyan ng libreng ayudang legal at malitis sa lenggwaheng kanyang ganap na nauunawaan
- K5. Paglabag sa karapatang magkaroon ng sapat na panahon at kakayahan para sa paghahanda ng depensa at maipaalam ito sa abogado na sariling pili
- K6. Pag-aalis sa karapatang madalaw ng kamag-anak, HR workers o maging abogado
- K7. Pag-alis sa karapatang ma-examine ang mga testigo laban sa kanya at matiyak ang kanyang pagdalo sa pagdinig sa kaso
- K8. Paglabag sa karapatang hindi piliting tumestigo laban sa sarili
- K9. Paglabag sa karapatang para sa mabilis na paglilitis – Ito ay paglabag sa isang mabilis, masusi at maingat na pagresolba sa kaso sa lahat ng judicial, quasi-judicial and administrative bodies na Malaya sa nakakalito, kapriyoso at mapaniil na pagkabinbin mula sa unang araw ng pagdinig hanggang sa pagtatapos o maibaba ang hatol. Saklaw din nito ang panahon ng appeal.
- K10. Paglabag sa karapatan sa full equality to a fair and public hearing by an independent and impartial tribunal - karapatan ng akusado na malitis sa isang 'neutral' , patas hukuman at maging bukas ang pagdinig sa publiko.
- K11. Paglabag sa karapatang ikonsiderang walang kasalanan

hangga't hindi ito napapatunayan (Violation of the right to be presumed innocent until proved guilty)

- K12. Paglabag sa karapatan hindi masentensyahan sa anumang krimen sa anumang akto na hindi itinuturing na krimen sa ilalim ng national at international law sa panahong ginawa ito. *(Violation of the right against conviction for any criminal offense which does not constitute a criminal offense under national or international law at the time it was committed)*
- K13. Violation of the Right of a Detained Child to be separated from Adult
- K14. Violation of the Right of a Child to Treat Detention/Imprisonment as last resort
- K15. Violation of the Right of the Child to be detained the shortest period of time;
- K16. Violation of the Right of a Child to be treated in a manner consistent with child's dignity
- K17. Violation of the Right of a Child to Reintegration

**L. VIOLATION OF THE RIGHT TO FREEDOM OF EXPRESSION O
MALAYANG PAMAMAHAYAG**

- L1. Violation of the freedom to hold opinion
- L2. Violation of the freedom to seek, receive and impart information and ideas

M. VIOLATION OF THE RIGHT TO FREEDOM OF ASSEMBLY

- M1. Prohibition on the right to peaceful meetings/assembly
- M2. Prohibition on the right to freedom of associations – (pakitingnan ang kaparehong entry sa ESCR)

M3. Assault/breaking up of rallies/demonstrations/peaceful concerted actions- Pagbuwag ng mga pwersa ng pamahalaan, at mga ahente nito sa mga mapayapang sama-samang pagkilos ng mga manggagawa, at mamamayan tulad ng piket, rali

N. IBA PANG MGA PAGLABAG SA KARAPATANG SIBIL AT PULITIKAL.(NAGAGANAP DIN KADALASAN SA PIKETLAYN O SA KILOS PROTESTA NG MANGGAGAWA)..

N1. HARASSMENT/INTIMIDATION– anumang ginawa (act) na kakapagdulot ng takot, pangamba na masaktan ang mga manggagagawa, sa pamamagitan ng aksyon, (gestures at action), pisikal (Hal. Pagpunta ng pulis na naka-full battle gear at pagparada sa harap ng mga bahay o piketlayn ng manggagawa, pagpapatawag ng militar o `pag-imbata sa manggagawa na hindi pwedeng tanggihan,

N2. COERCION - pamimilit sa isang indibidwal o sa mga mangggagawa at/o kapamilya nito na gawin o huwag gawin ang isang bagay na labag sa kanyang kagustuhan

N3. ABDUCTION - Sapilitang pagkuha sa isang tao, nagiging sanhi ng kanyang pagkawala o pagkauwi sa enforced disappearance kapag hindi na nailabas

N4. DESTRUCTION OF PROPERTY - Pagsira sa ari-arian, kadalasan ang mga kagamitan sa piketlayn

N5. DIVESTMENT OF PROPERTY - Pagnanakaw o pagsamsam ng mga gamit ng biktima labas o sa panahon ng mga pagbuwag sa piketlayn

N6. FOOD BLOCKADE - Paglilimita ng mga autoridad sa pagpasok, o kantidad ng ipapasok na pagkain sa isang komunidad o lugar kung saan may welga

N7. CRIMINALIZATION OF POLITICAL OFFENSES OR ACTS – gawi, patakarin o kalakaran ng awtoridad na arestuhin, imbestigahan, litisin at hatulan ang mga inbidwal ng karaniwang krimen (common crimes) sa halip na patawan ng demanda o kasong pulitikal sa mga aktong may kinalaman sa paggawa, o agraryong usapin

N8. VILLIFICATION – pag-akusa o paninira sa mga lehitimong organisasyon ng mamamayan o manggagawa o lider nito bilang mga taga-suporta o kaanib ng mga terorista na nagdudulot ng takot at iba pang porma ng karahasan laban sa organisasyon at kasapi nito

O. RIGHT TO PROTECTION OF HONOR AND REPUTATION

O1. ATTACK UPON ONE'S HONOUR AND REPUTATION